Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado


The Department of the Interior and Local Government confers this SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING to the Province of Camarines Norte for CY 2011 in recognition of its efforts in advancing the principles of accountability and transparency in local governance.

JESSE M. ROBREDO
Secretary

MABUHAY

## Nasa Loob

Bilang ng mga OSY tutukuyin ng NYC, pamahalaang panlalawigan kaisa dito p2
6 na Lying-In, sasangkapan ng gamit p2
Statistics Matter p2
Mga nakatatanda nagsaya sa Elderly Week p3
Child Friendly Brgys tampok sa Childrens Month p3
Elderly Filipino Week - Provincial Congress of Senior Citizens, October 1, 2013 - Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado p4
Queen of Queens rumampa para sa bilanggo p4
Mga piling larawan p5
Fiber Glass Boat Making tampok sa Fishcon p7

# Calaguas Island, No. 1 Philippine Gem

Matapos ang halos isang buwan na *on-line voting* sa internet na umabot sa 80,000 *netizens* ang bumoto, hinirang ang **Top 10 Philippine Gems** na pinangungunahan ng Calaguas Island ng Camarines Norte.

Ang *Top 10 Philippine Gems* ay ang mga sumusunod:

1.Calaguas Island *(Camarines Norte)* 2. Lake Sebu *(South Cotabato)* 3. Tubbataha Reed Natural Park *(Palawan)* 4. Caramoan Islands *(Camarines Sur)* 5. Biri Island Rock Formations *(Northern Samar)* 6. Mt Kanlaon *(Negros Island)* 7. Danjugan Islands *(Negros Occidental)* 8. Panglao Island *(Bohol)* 9. Apo Island *(Negros Island)* 10. Batanes *(Cagayan Valley)*

Ang isinagawang pagpili ay itinaguyod ng Isla Lipana and Co., kasaping kumpanya ng *PricewaterhouseCoopers in the Philippines* sa paniniwalang marami pang lugar sa Pilipinas na maiaalok sa mga turista. Ang kanilang proyekto ay tinawag nilang *Philippine Gems* at kanilang isinagawa bilang bahagi ng *91st anniversary celebration and corporate social responsibility project* ng kanilang kumpanya.

Layunin nito na ipakilala sa mga lokal at dayuhang turista ang iba pang magagandang lugar sa Pilipinas upang makahikayat ng mga negosyante.

Ang kanilang proyektong *Philippine Gems* ay naglalayon na pukawin ang kama-

**(Sundan sa pahina 4)**



Ito ang Mahabang Buhangin Beach sa Calaguas Islands sa bayan ng Vinzons, Camarines Norte na mas dadayuhin pa dahil sa pagkakapanalo nito bilang No. 1 Philippine Gem.

# Provl. Accounting Office, Nat'l. Awardee!

Personal na tinanggap ni *Provincial Accountant* Myrna V. Sendon mula kay Gregorio C. Rulloda, *AGAP National President* ang gawad-pagkilala sa *Provincial Accounting Office (PAcctO)* ng Camarines Norte bilang *Outstanding Accounting Office - Local Government Unit (LGU)-Provincial Category para sa taong 2012.*

Ang Camarines Norte at Pangasinan ang tanging 2 lalawigan sa bansa na tumanggap ng karangalan na itinataguyod ng *Association of Government Accountants of the Philippines (AGAP), Inc.*

Kasamang dumalo ni Prov'l. Acct. Sendon ang ilang opisyal at kawani ng *PAcctO* sa *Awarding Ceremonies for Outstanding Accounting Offices for 2012* sa *L' Fisher Hotel*, Bacolod City noong Oktubre 17. Ito ang pinakatampok na aktibidad sa pagtatapos ng 4-araw na *AGAP Convention Seminar* na nagsimula noong Oktubre 14 na may temang, 'Asensong Ramdam ni Juan: *The Challenge Financial Managers Must Face*'.

Kaugnay nito, pinapurihan ni Gob. Ed-

**(Sundan sa pahina 6)**




NATATANGING MGA LINGKOD BAYAN– Ang bumubuo ng Provincial Accounting Office *(from bottom left to right ) Gloria Jardin, Nimco Dulay, Michelle de Vera, Marilyn A. Soltes, Maribel Arevalo, ang may hawak ng tropeo na si Nenita Villaluz at Prov'l. Accountant Myrna Sendon, Teresa Auxillo, Krisel Lee, Rowena Tallado, Teresa Jimenez at Geraldine Fernandez. (from upper left) Aries Querubin, Luis Vinzons, Edilberto Eco, Kristina de Jesus, Amy Dy, Edgardo Zabala, Fay Santiago, Eloise Gime, Lilian Rafon, Joretta Garcia at Edna Abasola.* Kuha ang larawan sa lobby ng kapitolyo kung saan makikita rin ang tropeo at tarpaulin ng pagbati mula sa Bacolod City kung saan ginanap ang awarding ceremony na dumalo ang ilan sa mga nasabing kawani.

# CAMNORTE PESO,
## Top Regional Performer

Muling pinarangalan ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* ang *Public Employment Service Office (PESO)* ng Lalawigan ng Camarines Norte bilang *Top Regional Performer-Provincial Category* sa idinaos na *National PESO Congress* noong Setyembre 25, 2013 sa *Oriental Hotel*, Palo, Leyte.

Ang plake ng gawad-pagkilala ay ipinagkaloob ni *DOLE Secretary* Rosalinda Dimapiles-Baldoz sa Camarines Norte sa pamamagitan ni Provincial PESO Manager Nida Navarro-Tosoc.

Kapwa binigyan ng *Special Citation* si Ms. Tosoc at Gob. Edgardo A. Tallado dahil sa magandang *performance* ng Camarines Norte. Hindi nakadalo ang gobernador sa awarding ceremony dahil nasa opisyal na aktibidad na una na niyang naiskedyul.

**(Sundan sa pahina 6)**

# Bilang ng mga OSY tutukuyin ng NYC, pamahalaang panlalawigan kaisa dito

Nagtungo si *Undersecretary* Leon Florence ng *National Youth Commission (NYC)* dito sa Camarines Norte noong Oktubre 25 kung saan nakipagpulong siya sa mga kaukulang opisyal ng pamahalaang lalawigan at mga pamahalaang bayan man.

Ipinahayag ni *Usec.* Florence na ang pinakalayunin ng pagtungo niya rito ay ang matalakay ang programang Abot-Alam at iba pang *youth concerns* lalo na ang pagtatayo sa bawat probinsya sa bansa ng Bahay Pag-Asa pati na ang pagmantine sa pasilidad na magsisilbing *youth home* para sa mga *children in conflict with the law (CICLs)*.

Ang Abot-Alam ay isang pambansang programa para sa mga *out-of-school youths (OSYs)* na may edad 15-30 na layuning maresolba ang paparaming bilang ng mga kabataang Pilipino na hindi nag-aaral dahil mga *dropped outs* o hindi talaga nakatuntong sa paaralan.

Nakapaloob ito sa *Republic Act 10630* na nilagdaan ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III noong Oktubre 3, 2013. Ito ay mas killa bilang *'An Act Strengthening the Juvenile Justice System in the Philippines'* na siyang nag-aamyenda sa *RA 9344* o ang *'Juvenile Justice and Welfare Act of 2006 and Appropriating Funds Therefor'*.

Samantala, kabilang sa dumalo sa pulong ay sina Bokal Jay G. Pimentel ng Sangguniang Panlalawigan; *OIC Provl. Admin.* Jose G. Boma; *Provl. Youth Affairs Officer* Mariano E. Palma; *Project Devt. Officer IV/ Provl. PESO Manager* Nida N. Tosoc; *PDO III* Amelia M. Lopez, maliban sa iba pa.

Dito ay hiningi ni *Usec* Florence sa Sanggunian ang suporta sa pamamagitan ng pagbalangkas ng ordinansa na sumusuporta sa kanilang *database initiative* na Barangay *Targeting System (BTS)* na isa sa 2 bahagi ng Abot-Alam Layunin nito na matukoy ang mga *OSYs* dito sa Camarines Norte at kung nasaan sila.

Ang ikalawang bahagi ng Abot-Alam ay ang *Community Reintegration Program* kung saan tutukuyin naman ang husay at kaalaman ng mga *OSYs* para malaman kung sila ay angkop sa adhikain nilang bumalik sa paaralan; sumailalim sa *technical vocational skills training* o kaya ay magtrabaho na. Isa itong proseso kung saan ang mga *OSYs* ay isasailalim sa reintegrasyon sa kani-kanilang pamayanan sa pamamagitan ng mga programa at serbisyo ng *Department of Education (DepEd)* at ibang katuwang na ahensya at institusyon.




*(from l-r) SP Member Jay G. Pimentel, Usec Leon Florence ng National Youth Commission, Provl. Youth Affairs OfficerMariano E. Palma, at iba pa sa kanilang pagpupulong sa Tanggapan ng Gobernador ukol sa mga programa para sa mga kabataan.*

Idinagdag ni *Usec* Florence na nagtalaga na sila ng mga tinatawag na KABAYANI *Volunteers* na magtutungo sa mga barangay para makakuha ng mga datos ng mga *OSYs* dito para sa pagbuo ng *data banking* ng bansa.

Sinabi ni *Usec* Florence na sa ilalim ng *RA 10630*, ang mga *CICLs* na edad 15 taon o pababa nang makagawa ng krimen ay malilibre sa pananagutang kriminal. Ngunit isasailalim sila sa *community-based intervention program*. Ipinag-utos din ng batas na para matiyak ang epektibong implementasyon ng batas na ito, bubuin ang *Juvenile Justice and Welfare Council (JJWC)* na pamumunuan ng *DSWD Undersecretary*.

Ang pondo ng *JJWC* ay kukunin sa *current year's appropriations* ng *JJWC* na nasa ilalim ng badyet ng *Department of Justice*. Matapos ito, ang pondo para sa tuluy-tuloy na implementasyon nito ay isasama na sa badyet ng DSWD sa ilalim ng taunang *General Appropriations Act* na kaakibat ang P400M na ilalaan para sa konstruksyon ng 'Bahay Pag-Asa' rehabilitation centers sa mga probinsya at siyudad na may mataas na insidente ng mga *CICLs*. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/francia p. tolibas***

# *Statistics Matter*




Sa selebrasyon dito sa lalawigan ng *24th National Statistics Month* ngayong taon na nakatuon sa temang, *'Statistics that Matter to Every Filipino'* o 'Estadistika na may Halaga sa Bawat Pilipino, dalawang gawain ang isinagawa: *22nd Philippine Statistics Quiz (PSQ) Provincial Championship at Poster Making Contest.*

Tinanghal na kampeon si Camille Joy A. Ilan ng *Mabini College* sa *PSQ* na ginanap noong Oktubre 10, ika-1 n.h. sa *Audio-Visual Room*, *Provincial Capitol*, Daet. Ang ikalawang puwesto ay nakuha ni Francis Daryl R. Duka ng *CNSC*; ikatlong puwesto-Frederick A. Alzaga ng *MC, ang* ikaapat at ika-limang puwesto ay nasungkit nina Rico D. Pacala at Mark Paul A. Benedicto ng *CNSC.* Ang tatlong nanguna ang magiging opisyal na kinatawan ng Lalawigan ng Camarines Norte sa *PSQ Regional Championship* sa Nobyembre 14, 2013 at kung papalaring ma-nguna rito ay siya ring kakatawan sa Rehiyong Bikol sa gaganaping *PSQ National Championship* sa Disyembre 10, 2013.

Samantala, ang mga nanalo sa *Poster Making Contest* na ginanap noong Oktubre 8 sa *Audio-Visual Room* ng Kapitolyo Probinsyal ay sina Kiem John C. Catalan ng Paracale National High School - unang puwesto, Ronel A. Ramores ng *D.Q. Liwag National High School* (Vinzons) at Ivan Ray Bernardino ng Jose Panganiban *National High School* na naiuwi ang ikalawa at ikatlong puwesto, ayon sa pagkakasunod. Nasungkit nina John Mark C. Marcaida at Tomas I. Taliño Jr.ang kambal na panalo para sa Moreno *Integrated High School* nang makuha nila ang ikaapat at ikalimang puwesto.

Ang lahat ng nanalo sa nasabing dalawang patimpalak ay pawang pinagkalooban ng pamahalaang panlalawigan ng kaukulang tropeyo, medalya at katibayan ng paglahok gayundin ang prem-yong salapi.

Magkatuwang itong itinaguyod ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Acting PPD Coordinator* Elena B. Austria, at ng *National Statistics Office (NSO)* sa pamumuno naman ni *Acting Provl. Stat. Officer* Anabella D. Barquilla. **MARILYN PACINOS-ASIS/*LORENA IBASCO***

# 6 na Lying-In, sasangkapan ng gamit

Inatasan kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Provincial Health Office na asikasuhin ang paglalagay ng mga pangunahing kagamitan sa mga *Lying-in o Birthing Facilities* sa lalawigan.

Binigyan ng prayoridad ang anim (6) na *lying-in/birthing facilities* na hindi pa nagagamit dahil wala pang mga kagamitan. Ito ang: *Birthing Home Facility* - Barangay Mambalite, Daet ; *Health Station/Lying-in* - Calaguas Island, Barangay Banocboc, Vinzons; *Birthing Facility* - Barangay Pambuhan, Mercedes; *Health Station/ Lying-in* - Barangay San Isidro, San Lorenzo Ruiz; *Birthing Facility* - Barangay Cabuluan, Sta. Elena; *Health Station/ Lying-in* - Barangay Exciban, Labo

Ang mga pangunahing kagamitang isasangkap dito ay *delivery tables, wheelchairs, stretcher, BP apparatus/ sphygmomanometer at hospital beds.* Ito ay may pondong P2.2 milyon mula sa *Agencia Espanola de Cooperacion Internacional para el Desarollo (AECID).*

Ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan ang konstruksyon ng mga nasabing pasilidad sa ilalim ng programang *Basic Emergency Maternal and Obstetrical New Born Care (BEMONC*) ng *Department of Health* sa pagtataguyod ng *AECID.*

Ang pagtatalaga ng mga *lying-in at birthing facilities* sa mga barangay ay nahahati sa 3 bahagi: una ay ang pagtatayo ng gusali, ikalawa ay pagsasangkap ng kagamitan at ikatlo ay ang *personnel complement* o ang mga kawani na mamahala nito. Ang panghuling pangangailangan ay tungkulin naman ng *local government unit* o *barangay government* kung saan naroon ang lugar sa panganganak. ***JACalimlim***

# Mga nakatatanda nagsaya sa Elderly Week



Masayang tinanggap nina (mula sa kaliwa) Divina S. Oco (Daet), Engr. Ruben B. España (JPang) at Ms. Irene S. Madera (Capalonga) ang Award of Commendation mula kay Gob. Edgardo A. Tallado na ipinagkaloob sa Provincial Congress for Senior Citizens na isinagawa bilang bahagi ng Elderly Week Celebration.



*Si G. Leopoldo R. Del Pilar para sa pagkilala sa San Vicente bilang isa sa 3 Model Senior Citizens Centers.*



*Pinagkalooban din ng Certificate of Recognition ang Senior Citizens Office ng (mula sa kaliwa) Vinzons, Senior Citizens Center ng Capalonga, Mercedes Paracale at Sta. Elena na tinanggap ng kani-kaniyang kinatawan.*

Nagpakitang-gilas sa larangan ng pagkanta, pagsayaw, at iba pa ang grupo ng mga nakatatanda *(senior citizens)* mula sa 12 bayan ng lalawigan sa *opening ceremonies* ng *Provincial Congress for Senior Citizens* para sa *Elderly Pilipino Week* na idinaos noong Oktubre 1.

Tampok sa programa ang pagbibigay ng komendasyon kina Gng. Divina S. Oco (Daet), *Engr.* Ruben B. España (Jose Panganiban) at Gng Irene S. Madera (Capalonga) dahil sa kanilang aktibong pakikiisa sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*. Sila ay kasama ng *PSWDO* sa pagpunta sa iba't-ibang bayan sa pagpapaliwanag ng *Rep. Act 9994* o *Expanded Senior Citizens Act*.

Ang *Senior Citizens Centers* ng Daet, Jose Panganiban at San Vicente ang nahirang na *Model Senior Citizens* bilang mga *centers* na mga nauna at matagal ng *accredited* ng DWSD.

Binigyang-pagkilala rin sa nasabing okasyon ang iba pang *senior citizens centers/offices*.

Ang pagdiriwang ay sinimulan ng parada sa sentro ng Daet sa ganap na ika-7 n.u. na sinundan ng *Eucharistic Celebration* na ipinagdiwang ni *Most Rev.* Gilbert A. Garcera, *D.D.*, *Bishop*, *Diocese of* Daet.

Sa mensahe (basahin sa pahina 4) ni Gob. Edgardo A. Tallado sa okasyon, kanyang ipinabatid ang mga programa niya para sa mga nakatatanda lalo na ang paglalaan ng malaking pondo sa susunod na taon.

Noong nakaraang taon, binigyan katuparan niya ang pagbibigay buwanang ng *honorarium* na tig-P2,000.0 ang bawat pinuno ng *Office of Senior Citizens Affairs* sa 12 bayan para sa kanilang pagganap sa tungkulin.

Dahil sa kanyang patuloy na suporta sa Senior Citizens pinagkalooban siya ng sektor na ito ng tropeo ng pagpapahalaga. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ JING A CALIMLIM***



***Binigyang-pagkilala rin ng FSCAP Camarines Norte si Gobernador Edgardo A. Tallado dahil sa kanyang suporta sa kanilang sektor.***

# Child-Friendly Brgys. tampok sa Children's Month



*Ang Barangay Kabuluan, Sta. Elena sa pamumuno ni Brgy. Captain Edgardo N. De Guzman ang Second Place sa Prov'l. Search for Child-Friendly Brgy. at tumanggap ng P50,000.00. Kasama nila sa larawan si Provl. Administrator Joey Boma at panauhing si Ms. Mingoy (pangatlo at pang-apat mula sa kaliwa)*



*Nanalong 3rd place sa Prov'l. Search for Child-Friendly Brgy ang Brgy. San Antonio, Labo sa pamumuno ni Thelma V. Villafranca. Sa larawan ay ang pagtanggap niya ng P30,000.00 cash prize at plake mula kay Prov. Admin Boma at Ms. Mingoy. Kasama rin nila sa larawan si Acting PSWDO Cynthia R. Delacruz (panlima mula sa kanan)*

***"Mawawakasan ba natin ang kahirapan? Marahil hindi subalit ito'y pwedeng mabawasan at ang maaaring gawin natin dito ay turuan sa murang idad ang mga kabataan ng kahalagahan ng edukasyon, panatilihin ang family values at tamang pagdidisiplina, at i-discourage ang teenage pregnancy dahil dapat pinagpaplanuhan ito."***

Ito ang buod ng mensahe ni Ms. Jindra Mingoy, *Social Welfare Officer IV*, *Region V* sa isinagawang *Child-Friendly Movement Assembly* noong Oktubre 23, 2013 sa *Little Theater, Agro-Sports Center*, Daet, Camarines Norte para sa pagdiriwang ng *21st National Children's Month* na may temang "Kahirapan Wakasan, Karapatan ng Bata Ipaglaban".

Dito ay isinagawa rin ang taunang gawain na *State of Camarines Norte Children Report* at *Awarding ng 2013 Child-Friendly Barangay.*

Muling tinanghal na *Most Child-Friendly Barangay* sa buong lalawigan ang Barangay V ng bayan ng Daet sa tatlong sunud-sunod na taon nitong paglahok. Pumangalawa rito ang Barangay Kabuluan, Sta. Elena at pumangatlo ang Barangay San Antonio, Labo.

Pinagkalooban din ng *Certificate of Commendation* ang *Municipal Council for the Protection of Children* ng Bayan ng Daet dahil sa taunang pagsasagawa ng *Assessment of Child-Friendly* Barangay na may 100% *barangay coverage* .

Tumanggap din ng halagang P30,000.00 ang bayan ng Labo bilang pagkilala sa pagiging kabilang nito sa *Search for Presidential Award for Child-Friendly Municipality* sa kategorya ng *1st-3rd class municipalities* at bayan ng San Lorenzo Ruiz na tumanggap ng P20,000.00 na kabilang naman sa kategorya ng *4th-6th class municipalities.*

Pinagkabooban din ng parangal ang mga batang nanalo bilang *Exemplary Child* na sina Nicole Martinez ng bayan ng Jose Panganiban - *1st Place;* Jelyn Base ng Bayan ng Capalonga -*2nd Place*, at Caren Alson ng Bayan ng Vinzons - *3rd Place*. Sila ang mga batang kabilang sa miyembro ng mga pamilya ng 4Ps o Pantawid Pampamilyang Pilipino *Program*.

Ang tinanghal na *Provincial Winner* sa Huwarang Pamilya ay ang pamilya Lagrimas B. Gajo ng Barangay Dogongan, Daet, Camarines Norte na tumanggap din ng kaukulang premyo.

Ang mga kabataang mula sa Fernandez *Music Studio* at *Mary's Bright Montessori Sch. of* Daet ang naghandog ng *intermission number* sa isinagawang programa.

**(Sundan sa pahina 4)**

## Elderly Filipino Week
## Provincial Congress of Senior Citizens, October 1, 2013
## Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado

Magandang umaga sa ating mga panauhin, sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan at higit sa lahat magandang umaga sa inyong mga lolo at lola, ang aming mga minamahal na nakatatanda sa ating lipunan.

Matapos po ang halalan noong Mayo, ngayon lang tayo muling nagkadaupan aking mga minamahal na magulang, ang mga dakilang nakatatanda ng lipunan.

Kaya sa pagkakataong ito hayaan po ninyo na, una sa lahat ay magpasalamat ako sa pagtitiwalang muling ipinagkaloob ninyo sa akin. Marami pong kwento na nakarating sa akin, na may mga senior citizens na maaga pa lang ay nasa pila na, dahil dapat daw maiboto niya si Gov. Egay. Mayroong nagtiyagang maghintay, dahil hindi pwedeng hindi, maiboto si Gov. Egay.

Kahit kayo ay nahihirapan nang maglakad, magbasa at madali ng mahilo ay ginampanan nyo pa rin ang mahalagang tungkulin sa bayan. At naniniwala din ako na hindi kayo nagpabili ng boto.

Mas masigasig po ako ngayon na maglingkod sa inyo, dahil nakita ko na ating mga mamamayan, ay marunong magpahalaga sa uri at dami ng serbisyo, na nagawa ng inyong lingkod.

Tulad na lamang ng multi-services caravan. Isa kayo sa dahilan kaya inilapit ko ang kapitolyo sa barangay. Ayaw kong kayo ay nahihirapan. Dinala ko sa inyo ang libreng gupit, hot oil, check-up gamot at iba pang serbisyo. Dahil kayo ay mga matatanda na, dapat naman kaming mga bata ang mag-aruga sa inyo.

Dahil sa pagmamahal ko sa inyo, dadagdagan ko pa ang badyet ninyo. Sa kasalukuyan ang annual budget sa senior citizens affairs ay P 500,000 thousand. Sa 2014 Annual Budget, akin pong inilalaan ang P2.7 milyon o 247 % increase! Hahatiin ito sa programa para sa senior citizens at persons with disabilities.

Nakapaloob dito ang pagtatayo ng inyong **senior citizens center**. Magkakaroon din ng pondo para sa medical assistance. Ating pag-aaralan kung maaari at paanong makapaglaan tayo ng pondo gamot sa tatlong provincial hospital exclusively para sa mahihirap na senior citizens.

Hinihiling ko ang ibayong pagkakaisa ninyong lahat aking minamahal na mga magulang upang maging matagumpay ang pagsusulong ng inyong mga programa. Hinihiling ko sa **OSCA** *(Office of Senior Citizens Affairs)*, **FESCAP** *(Federation of Senior Citizens Assocation)* at **BASCA** *(Barangay Association for Senior Citizens Affairs)* na kailangan niyo ang isa't-isa .

Iisa ang hangarin ng inyong mga samahan para sa kabutihan ng senior citizens kaya hindi dapat magtampuhan. Sino ba ang dapat magmahalan kundi una sa lahat ay kayo.

Kung hindi kayo magtutulungan at magkakaisa hindi kayo makakatutugon sa hamon ng tema sa okasyong ito - Nakatatanda: Pagtutulungan Isulong! Benepisyo't Karapatan, Tungo sa Maginhawa at Masayang Pamayanan.

Kaya po ang aking programa at pondo para sa susunod na taon ay para sa OSCA, FESCA, BASCA at iba pang samahan ng senior citizens tulad ng *Cam. Norte Volunteers Organizers and Elderly Association* ng Masalong Labo.

Muli po, maraming salamat sa inyong lahat. Asahan niyo po na ako ay walang tigil na nagpupunyagi, upang makapagdala ng maraming pondo, proyekto, serbisyo at programa para sa ating minamahal na lalawigan.

Ito po ang inyong lingkod, Gobernador Edgardo a. Tallado, Higit sa Salita, Gawa!

# Queen of Queens rumampa para sa bilanggo

Kakaiba ang istratehiya ng Provincial Custodial and Civil Security Division (PCCSD) ng Tanggapan ng Punong Lalawigan upang makalikom ng pondo para sa mga detinado ng Provincial Jail.

Bagama't ang PCCSD na pinamumunuan ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo Pajarillo ay binubuo ng *civil security force* na ang gawain ay panseguridad, nagawa nila ang isang patimpalak na tinawag na *Search for Camarines Norte Queen of Queens.*

Ito ang naging isang tampok na gawain ng *PCCSD* sa buwan ng Oktubre kaugnay ng *18th National Correctional Consciousness Week.*

Kakaiba sa karaniwang gandang patimpalak, walang natanggap na *cash prize* ang mga nanalo dito kundi pawang *major titles* lamang gaya ng pagiging kauna-unahang *Camarines Norte Queen of Queens; 1st runner up* at *2nd runner-up*. Ito ay sa magandang layunin na anumang halagang kikitain mula rito ay gamiting pondo sa pangkabuhayang proyekto para sa mga detinado ng *Camarines Norte Provincial Jail* at sa pagpasok nila sa mga kursong bokasyonal at teknikal sa *Technical Education and Skills Development Authority.*



*Kinoronahan na Queen of Queens si Princess Buenaflor Cecilio. Samantala ,1st Runner-Up si Louise Pauline Christine Bajamunde Resoles (dulong kaliwa) at 2nd Runner-Up si Mariel Casyao Baclagan (dulong kanan). Kasama nila si Acting Provincial Warden Reynaldo Pajarillo at isang panauhing magandang dilag.*

Lumahok dito ang 9 dilag na dati nang nanalo sa mga nakaraang *beauty pageants* sa lalawigan na sumailalim sa *screening* na isinagawa sa *Villa Mila Resort* noong Setyembre 28. Ito ay binubuo ng kalahok mula sa Jose Panganiban na si Katherine Tibar Avellano; 4 mula sa Daet - Lovely Ken Mayores Abierta, Vivialyn Abiera, Kris Abigail Abejero at Shaina Carrascal Gaco; Louise Pauline Christine Bajamunde Resoles-Basud; Princess Buenaflor Cecilio-Sta. Elena; Mariel Casyao Baclagan-Mercedes, at Geoneth Baylon Magana ng Talisay. Dalawa sana ang kalahok ng Jose Panganiban ngunit si Liechelle Laraine Padilla bagama't handang-handa na at nag-ensayo at sumailalim na sa mga naunang pagsusuri ay hindi na nakadalo sa *grand pageant* dahil sa pagpanaw ng kanyang lola.

Kasabay ng *Grand Pageant* ang isang *Dinner and Variety Show for a Cause* na isinagawa sa *Camarines Norte State College Social Hall* sa ika-7 n.g. sa Oktubre 11 kung saan ang ibinayad ng mga dumalo dito para sa palabas at kanilang hapunan ay siyang pagmumulan ng pondo para sa nasabing mga programa para sa *provincial jail inmates.* ***JING A. CALIMLIM/ LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## Calaguas...

*(Mula sa pahina 1)*

layan at pagpapahalaga sa mga wala pang bahid dumi at mga likas yaman ng bansa lalo na yung hindi pa nararating upang makatawag ng pansin lokal man o internasyonal at bunga nito ay magbunga ng ekonomiya sa mga lugar na ito.

Mula sa listahan ng 175 ng nababalitaang destinasyon ng mga turista sa Pilipinas, pinaigsi ang listahan sa 25 na lugar na pinili ng isang *screening committee.*

Mula sa 25 *shortlisted* na tinawag na 25 *emerging tourist destinations*, binuksan ang *on-line voting* upang piliin ang *Top 10 Philippine Gems.* ***JING A. CALIMLIM/ FERDZDECENA***

## Child-Friendly...

***(Mula sa pahina 3)***

Sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay isinagawa rin ang *Autism Journey Seminar, Special Program for the Employment of Students,* at iba pa. Sa Radyo ng Bayan ay nagkaroon ng *Child Friendly Radio Program* kung saan tinalakay ang mga paksa ukol sa programang Garantisadong Pambata; *Early Childhood Care & Development; Child Protection; Child Participation; Basic Education,* maliban sa iba pa. ***MARILYN PACINOS-ASIS***





Ang tropeo at premyong P20,000.00 insentibo para sa San Lorenzo Ruiz sa pagiging kabilang nito sa *Search for Presidential Award for Child-Friendly Municipality* sa kategorya ng 4th-6th class *municipalities. (l-r—PSWDO Cynthia Dela Cruz; PPDO Ellen Austria & PAdmin Joey Boma.*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# Mga piling larawan




*3X FIRST—Muling itinanghal na Most Child-Friendly Barangay sa buong lalawigan ang Barangay V ng bayan ng Daet na tumanggap ng plake at cash prize na P100,000.00. Tatlong sunod-sunod na taon nang nanalo ang Brgy. V, Daet sa ilalim ng pamumuno ni Punong Barangay Augusto Magana.*



GAJO FAMILY
Barangay Dogongan, Daet, Camarines Norte na Provincial Winner HUWARANG PAMILYA



*Tumanggap din ng P30,000.00 at tropeo ang bayan ng Labo bilang pagkilala sa pagiging kabilang nila sa Search for Presidential Award for Child-Friendly Municipality sa kategorya ng 1st-3rd class municipalities.*

*(Simula kaliwa) Ang apat na grupo: Environment Sector, Economic Sector, Social Sector at Institutional Sector na binubuo ng mga department heads, division chiefs ng Office of the Governor at iba pang key personnel ng pamahalaang panlalawigan habang tinatalakay ang kanilang mga programang ipapaloob sa Executive Legislative Agenda (ELA) sa patnubay ng DILG at Provl. Planning and Development Office.*

## ELA FORMULATION WORKSHOP









*Nakiisa ang Sangguniang Panlalawigan lalo na si Bise Gob. Jonah Pimentel na sumali mula sa simula hanggang matapos ang 2 days workshop na isinagawa sa Calabanga, Camarines Sur. Doon na rin nag sesyon ang Sangguniang Panlalawigan bago nagsimula ang ELA Formulation Workshop.*



# Prov'l. Accounting...

(Mula sa pahina 1)

gardo A. Tallado ang *PAcctO* na pinamumunuan ni *Provincial Accountant* Sendon dahil sa pagbibigay nila ng dekalidad, napapanahon *(timely)*, *transparent*, balanse at makatotohanang *financial reports*.

Samantala, sa 9 na nanalo sa *LGU-Municipal Category* sa buong bansa, 5 sa 12 bayan dito ang pasok - Labo, Vinzons, Capalonga, Jose Panganiban at Sta. Elena. Ang ibang 4 na bayan ay ang Godod ng Zamboanga del Norte, Socorro ng Oriental Mindoro, Pozorrubio ng Pangasinan at Valencia ng Negros Occidental.

Pinarangalan dito bilang *Hall of Fame Awardees* ang *Accounting Office* ng *Office of the Vice President* at Philippine *National Volunteer Service Coordinating Agency*.

Binigyang-pagkilala rin dito ang sampung (10) *Accounting Offices* mula sa *National Government Agencies* gaya ng: *Presidential Management Staff, National Intelligence Coordinating Agency, Philippine Drug Enforcement Agency, Film Development Council of the Philippines, Food and Nutrition Research Institute, House of Representatives Electoral Tribunal, Central Board of Assessment Ap-*




*peals, Anti-Money Laundering Council, Government Procurement Policy Board* at *Senate Electoral Tribunal*. Tanging ang Sultan Kudarat *Water District* ang napili sa kategoryang *Government Owned or Controlled Corporation*.

Ginawa ng *AGAP* ang pagpili sa mga katangi-tanging *accounting offices* sa bansa batay sa *2012 Audit Performance Summary Report* ng mga pampamahalaang tanggapan at ahensya na nagpakita ng kanilang kahusayan sa *accounting, budgeting, controlling, auditing* at iba pang *financial functions*.

Inaasahan ni Gob. Tallado na ang naturang parangal ay magsilbing inspirasyon hindi lamang sa *PAcctO* kundi sa iba pang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para magbigay nangg mabilis, magalang, de-kalidad, at pantay-pantay na serbisyo-publiko.

Samantala, sa mensaheng ibinigay ni *AGAP Natl. Pres.* Rulloda sa naturang okasyon, binigyang-diin niya na kailangang patuloy na magbigay ng matapat na serbisyo ang mga opisyal at kawani ng pamahalaan para magkaroon ng pangkalahatang pagunlad na mararamdaman ng publiko. Ito ay sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala at paggugol ng lahat ng sangay ng pamahalaan para makapaghatid nang mas mahusay at mas maraming programa at serbisyo sa mga mamamayang Pilipino lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga *accounting offices* ng pamahalaan sa pagtiyak na nagagamit nang wasto ang mga pondo para sa pagpapatupad ng mga proyektong pang-imprastraktura; serbisyong-medikal, pangkalusugan, at pangnutrisyon; mga oportunidad programa sa trabaho at proyektong pangkabuhayan, pabahay, at marami pang iba. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ jingcalimlim***

# CamNorte PESO...

(Mula sa pahina 1)

Dahil sa pagiging *PESO Regional Performer* naging nominado ang Camarines Norte sa *National Best PESO Award*.

Ang katangi-tanging mga nagawa *(accomplishments)* ng *PESO CN* ay nakamit dahil sa aktibong suporta ni Gob. Tallado sa pagpapatupad ng mga programang nagbibigay sa publiko ng iba't-ibang oportunidad sa trabaho.

Kabilang dito ang pagbibigay ng impormasyon ukol sa iba pang programa ng *DOLE* gaya ng *Special Program for the Employment of Students (SPES)* kung saan ang mga kwalipikadong *college students* ay nagtatrabaho sa mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan tuwing bakasyon. Sa sweldong P250.00/araw, P150.00/araw ang sagot ng pamahalaang panlalawigan, at P100.00/araw ay binabayaran naman ng DOLE sa pamamagitan ng *education voucher*.

Matatandaan din na mula sa 50 *SPES recipients* bawat taon, tumaas sa 91 ang benepisyaryo ng programa ngayong taon dahil sa karagdagang pondong inilaan ng butihing gobernador.

Kumpara sa mga nakaraang taon, mas marami ring *jobs fairs, special recruitment activities* at *referral of job applicants* ang naisagawa ngayon sa pakikipagtulungan sa *DOLE* at mga kaukulang *recruitment agencies*.

Pinasimulan din ni Gob. Tallado ang *Scholarship Program for Out of School Youth* para makapagtapos ng *short-term vocational training courses* at matulungan ng PESO na makapasok sa trabaho.

Samantala, magugunita na sa taong 2010 ay tumanggap din ng kaparehong parangal ang PESO CN dahil sa mahusay nating nagawa lalo na sa employment facilitation kung saan marami sa ating mga kababayan ang nagkaroon ng trabaho sa lokal at sa ibayong-dagat man. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**



***Tinanggap ni Nida Tosoc ang tropeo para sa Camarines Norte bilang TOP PESO regional Performer at isa pang tropeo ng Citation sa kanya bilang PESO MANAGER ng Camarines Norte.***



***Kabilang ang SM Hypermart sa nakiisa sa Jobs Fair na isinagawa kamakailan ng Provincial Government of Camarines Norte. Ang SM Hypermart sa Daet na magbubukas sa Marso 2014 ay nangangailangan ng maraming empleyado.***

# DAET No. 4 sa Top 5...

(Mula sa pahina 8)

*tiveness Index*, ang San Francisco, Agusan del Sur sa CARAGA Region ang unang ranggo sa iskor na 54.86, at pumangalawa ang Guagua, Pampanga ng Central Luzon na may iskor na 54.18.

Ang ikatlo at ikalimang ranggo ay naiuwi ng mga Munisipyo ng Carmona at Gen. Trias ng Probinsya ng Cavite sa CALABARZON na nakakuha ng iskor na 53.18 at 51.22, ayon sa pagkakasunod.

Ang ginamit na pamantayan ng *NCC* sa pagpili sa *Top 5 Most Competitive Municipalities* sa bansa ay alinsunod sa 30 *weighted indicators* na sumukat sa *economic dynamism, government efficiency* at *infrastructure*, partikular na ang *rankings on governance, power* at *water rates* at *connections*; bilang ng mga *hotel rooms*; *cell sites*; *hospital beds*, at iba pa; gayundin ang maayos na *business permits* at *licensing systems* sa partikular na lugar, at marami pang iba.

Pinadalhan ng kopya ng naturang resolusyon ng SP si G. Guillermo M. Luz na tumatayong *NCC private sector co-chairman*. Ang Konseho ay pinamumunuan ni *Trade and Industry Secretary* Gregory L. Domingo para sa *public sector*.

Matatandaan na ang *NCC* ay ang dating *Public-Private Task Force on Philippine Competitiveness* na binuo noong Oktubre 2006 sa bisa ng *Presidential Executive Order No. 571*.

Noong Hunyo 3, 2011, pinagtibay naman ng Tanggapan ng Pangulo ang *Executive Order No. 44 - Amending Executive Order No. 571 (S. 2006) Renaming the Public-Private Task Force on Philippine Competitiveness as the national Competitiveness Council (NCC) and Expanding Its Membership*.

Ginawa ang pagamyenda para mapaigting ang kampanya sa pagpapahusay sa kakayahan ng bansa na makipagkumpitensya sa iba't-ibang bansa sa mundo lalo na ang makuha ng Pilipinas ang *top third competitiveness ranking* sa taong 2016 mula sa *bottom third competitiveness ranking* nito. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ jingcalimlim***

# PAMANA projects...

(Mula sa pahina 8)

dalawang (2) *major Agricultural Development Project* ang *PAMANA-Department of Agriculture* sa bayan ng Sta. Elena na kasalukuyang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan. Ito ang:

*Livelihood Program*-Pagtatanim ng Mais sa 5 barangay - Maulawin, Basiad, Patag Ibaba, Patag Ilaya, San Lorenzo sa kabuuang 70 ektaryang lupain

*Concreting of Farm to Market Road (4.42 km earth gravel road)* sa San Lorenzo Ruiz - Salvacion, San Ramon, San Isidro at Manlimonsito)

May P17 milyon itong badyet mula sa *PAMANA* at P1.6 milyon ang kailangang *equity* o kabahaging pondo na agad namang tinugon ni Gob. Edgardo A. Tallado na malaanan ng pamahalaang panlalawigan.

Ang *PAMANA* ay isang programa sa ilalim ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process* na ipinatutupad sa mga lugar na may usaping pangkapayapaan. Sa pamamagitan nito, nagpapatayo ng mga pampamayanang inprastraktura sa layuning maibsan ang kahirapan at mapanumbalik ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan at maiwasan na ang mga armadong pakikipaglaban. ***JACALIMLIM***

# Fiber Glass Boat Making tampok sa Fishcon




*Ang MFARMC chairman na sina (mula sa kaliwa) Ely Ramos ng Paracale, Agapito Alto ng Capalonga at Roy Ladea ng Mercedes na binigyang-pagkilala bilang mga Gawad-Saka Awardee at nominado rin bilang Outstanding FARMC sa Region 5.*



*Ipinakita ng Regional Fisheries Training Center (RFTC)-Tabaco City ang paggawa ng fiberglass boat sa mga dumalo sa Training on Design and Construction of Fiberglass Boat Making na isang tampok na gawain sa pagdiriwang ng Fish Conservation Week. Ang nabuo nilang 1 yunit ng fiberglass boat ay ibinigay na ng RFTC sa probinsya.*

Nakiisa muli ang Camarines Norte sa pambansang selebrasyon ng *50th Fish Conservation Week* noong Oktubre 14-20, 2013 na may temang, *'Pangisdaang Pinagyaman Ngayon; Henerasyong Sagana sa Panghabang Panahon'* para maiangat ang industriya ng pangisdaan.

Ito ay tinampukan ng *Training on Design and Construction of Fiberglass Boat Making* noong Okt. 16-18, 2013. Dinaluhan ito ng 25 *boat makers* at *fisher technicians* mula sa 9 *coastal municipalities* dito gaya ng Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Mercedes, Paracale, Sta. Elena, Talisay at Vinzons.

Noong Okt. 15 ay nagsagawa rin ang *RFTC* ng *Training on the Fabrication of Collapsible Crab Pot* para sa 30 *fisherfolks* na *engaged* sa *crab pot operation*. Ang nabuong 12 piraso ng *collapsible crab pots* ay ibinigay ng *RFTC* sa ilang *fisherfolks'* para magsilbing *pattern* o padron nila sa paggawa ng mga *collapsible crab pots* para magamit sa kanilang hanapbuhay.

Nagkaroon muli ng *'Tiangge sa Fishcon'* sa *Inner Courtyard, Provincial Capitol*, Daet na tinampukan ng mga *processed foods* na gawa ng *Rural Improvement Clubs (RICs), 4-H Clubs*, at iba pa.

Ang *RFTC* at *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources-Mercedes* ay nagsagawa ng *cooking demo on fish recipes* gaya ng *seaweed* puto *cake* at *macaroons; fish ham,* at iba pa. Itinuro naman ng kaukulang *OPAg staff* ang paggawa ng *fish amino acid* na nagsisilbing pataba sa pananim at may mataas na sangkap ng protina na nakatutulong sa paglaki ng mga alagaing-hayop.

Nagkaroon din ng *FARMC on Air* sa Radyo ng Bayan na isinagawa sa iba't-ibang petsa.

Sa *closing program* na idinaos sa *Provincial Capitol Lobby*, binigyang-pagkilala rito bilang *Mun. Fisheries and Aquatic Resources Mgt. Council (MFARMC) Achievers* ang *MFARMC* Capalonga, *MFARMC* Mercedes at *MFARMC* Paracale. Pinarangalan sila dahil Ang *MFARMC chairman* ng Capalonga ay si Agapito Alto; Roy Ladea-Mercedes at Ely Ramos-Paracale.

Ang nagsilbing *resource speakers* sa iba't-ibang gawain ay binigyan naman ng *certificate of recognition* at *certificate of participation* sa mga *exhibitors*.

Ang 1-linggong gawain na pinangasiwaan ng *Fisheries Development Division* ng *OPAg* na pinamumunuan ni *Supervising Agriculturist* Edgar Estanislao ay sinubaybayan ni Ms. Francia Pajares bilang *Acting Provincial Agriculturist*.

Pinasalamatan din ng *OPAg* ang suportang ibinigay ng *AT-Fisheries* at *MFARMC Chairmen* sa lalawigan lalo't higit ang *RFTC*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ MELINDA L. JEREZ***

# ELA inaasahang maisasakatuparan...

***(Mula sa pahina 8)***

*Formulation Workshop* upang pagbasehan ng mga hepe ng tanggapan sa pagbalangkas ng mga programa at proyektong isasagawa ng kani-kanilang tanggapan.

Bago pa magtungo sa nasabing *workshop*, ang bawat tanggapan ay isinagawa na ang kanilang mga plano at pinagsasama ito *by sector* upang sa araw ng aktwal na *workshop* ay tatalakayin na ito nang mas komprehensibo.

Ang Sangguniang Panlalawigan (SP) ay doon na rin isinagawa ang kanilang sesyon kung kaya kumpleto silang naroon.

Sinabi ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel na ang bawat komitiba ng SP ay may kanya-kanyang agenda. Batay sa *executive agenda* ng gobernador ay kanyang ipinabatid sa kapulungan ng *ELA workshop* ang mga sinimulan na nila at mga gagawin pang *legislative actions.* Si Bise Gob. Pimentel ay aktibong sumali sa kabuuan ng *workshop*.

Ipinabatid ang 12 hakbang tungo sa pagbuo ng *ELA* na ang unang pitong hakbang ay nadaaanan na ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte. Ito ay 1) *Planning to Plan;* 2) *Prioritizing Issues*; 3) *Consultation with Multi-Stake Holders;* 4) *Drafting the LGU Vision and Mission*; 5) *Formulating Goals and Objectives*; 6) *Identifying and Prioritizing Programs and Projects*, at 7) *Determining Legislative Requirements*.

Ang pang-8 hanggang pang-12 na hakbang tungo sa tagumpay ng **ELA** ay 8) *Building Commitment*; 9) *Securing Endorsement and Approval*; 10) *Moving the ELA to Action*; 11) *Popularizing ELA*, at 12) *Managing and Sustaining the ELA*.

Hinati sa apat na grupo ang mga dumalo para sa *workshop:*

*Economic Sector*, na kinabibilangan ng *Office of the Provincial Agriculturist, Office of the Prov'l. Veterinarian*, at *Office of the Governor-Tourism Division*.


*Social Sector - Provincial Health Office, Provl. Social Welfare & Devt. Office, Office of the Governor– Community Affairs Office; Provincial Custodial and Security Services Division,* at *Youth Affairs*.

*Environment Sector - Provincial Environment and Natural Resources Office, Provl. Disaster Risk Reduction Management Office* at *Provl. Planning and Devt. Office (PPDO)*.

*Institutional - Provincial Administrator's Office, Provl. Assessor's Office, Prov'l. Treasurer's Office, Prov'l. Budget Office, Prov'l. Accounting Office, Prov'l. Human Resource Management Office, Prov'l. Legal Office, Prov'l. Legislative Office, Office of the Governor – Library Services Division*, at *Museum, Archives and Shrine Curation Division*.

Samantala, ang *PPDO* at *Prov'l Engineering Office* ay kabilang sa lahat ng sektor dahil sa kabahagi sila sa gawain ng mga ito.

Ang *DILG Provincial Office* ang nagsilbing tagapagpadaloy ng naturang 2-araw na*workshop*. ***JING A.CALIMLIM***




*Si Provincial Director Edwin F. Garcia ng DILG Camarines Norte sa kanyang pagtatalakay ng paksa ukol sa ELA Formulation Workshop.*

# ELA, inaasahang maisasakatuparan, Gob at SP magtutulungan

Nagsama-sama sa dalawang araw na *workshop* ang mga halal na opisyales ng lalawigan kasama ang mga hepe ng mga departamento ng Provincial Government of Camarines Norte upang buuin ang mahalagang dokumento na tinatawag na *Executive and Legislative Agenda* o *ELA* para sa pagsasanib-pwersa ng ehekutibo at lehislatibong sangay ng pamahalaang panlalawigan upang ganap na maisulong ang mga plano, proyekto at programang pang-kaunlaran.

*Very good* ang Camarines Norte dahil sa pagbubuo nito ng *ELA* na siyang minimithi ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* para sa lahat ng *local government units* ayon sa pahayag ni *Engr.* Jerwin A. Novio ng *LGOO VI, Program Manager* ng *DILG* na isa sa tagapagsalita sa nasabing pagtitipon.

Isinagawa noong Oktubre 16-18 ang *Executive Legislative Agenda Formulation Workshop* sa San Bernardo, Calabanga, Camarines Sur sa patnubay ng *DILG Provincial Office* na kinapalooban ng mga sumusunod na gawain:

*Opening Program; Presentation of Executive Agenda; Poverty Outlook (Internalizing the Development Challenges) Presentation of Vision and Development Sectors; Presentation of Legislative Agenda at Sectoral Presentation of Programs, Projects and Activities; Capacity Development, Workshop by Sub-Sectoral Objective; Presentation of Output by Sectoral Goal at Building Commitments.*

Ang *Executive Agenda* ni Gob. Edgardo A. Tallado para sa kanyang 2013-2016 termino ay nauna niyang inilahad noong Hunyo 30 sa *oathtaking ceremony* ng mga bagong hala na opsiyal ng probinsiya at ikalawa noong Hulyo 1 sa pasinayang sesyon ng Sangguniang Panlalawigan.

Sa ikatlong pagkakataon ay inilahad niya itong muli sa *ELA*

(Sundan sa pahina 7)




*"I want to believe that probably ELA will be the convergence zone for public servants who have same motives for public interest but have different political alliance', bahagi ng mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa isinagawang ELA Formulation Workshop* **(sundan sa pahina 4)**




*"With ELA, we will come up with a Unified Plan. Second, there is a sense of ownership of this important document. Bawat isa sa atin na kasama sa pagbuo ng ELA ay maaari nating ariin ang planong ito na sisikapin nating maipatupad ang mga inilatag natin dito", pahayag naman ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel.*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# DAET No. 4 sa Top 5 Most Competitive Towns

Sa *2013 Cities and Municipalities Competitiveness Index* na ipinalabas ng *National Competitiveness Council (NCC)*, kabilang ang Bayan ng Daet sa *Top 5 Most Competitive Municipalities in the Philippines* na nakuha ang ika-4 na ranggo sa iskor na 51.45.

Dahil dito, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 316-2013 bilang pagpupugay sa Bayan ng Daet sa karangalang ibinigay nito hindi lamang dito sa Lalawigan ng Camarines Norte kundi sa buong Rehiyong Bikol. Sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Bokal Rodolfo V. Gache at Bokal Romeo R. Marmol ang mga pangunahing nagakda ng resolusyon.

Masaya si Mayor Tito Sarion sa karangalang ito para sa bayan ng Daet. Ito ay indikasyon na ang mga proyekto at programa na isinulong niya tulad ng *business processing and licensing systems*, mga inprastruktura, *community-based management system*, ang mahusay na pananalapi ng pamahalaang bayan ng Daet ay nagbunga ng pag-angat ng ekonomiya ng Daet. Sa katunayan ay pinagkalooban din ito ng *Seal of Good Housekeeping* ng *Department of the Interior and Local Government*.

Idinagdag pa rito na ang Daet ang may pinakamababang *poverty incidence* sa lahat ng bayan at siyudad sa Rehiyong Bikol ayon sa 2012 datos ng *National Census and Statistical Board (NSCB)*.

Sa *2013 Cities and Municipalities Competi-*

(Sundan sa pahina 6)




***"Ako ay magsisikap para isulong ang public-private partnership sa mga programa ng gobyerno na mag-aangat ng ekonomiya ng Daet", ayon kay Mayor Tito Sarion sa pakikipag-usap niya sa mga prospective investors at LGU stakeholders sa isinagawang 2013 Daet Business Forum .***

# PAMANA projects sa Basud, Capalonga, San Lorenzo Ruiz, Sta. Elena sinimulan 80% ng pondo nito dumating na

Tinanggap kamakailan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte mula sa *Department of Interior and Local Government (DILG) Regional Office no. 5, Legazpi City* ang tseke para sa 3 malalaking proyekto ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng *Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA)-DILG.*

Ang 3 proyektong ito ay may kaakibat na tseke na 80% pa lamang ng kabuuang halaga ng proyekto:

P4.8 milyon para sa ***Rehabilitation of Water Supply System in Barangay Tacad, Basud*** *with a project cost of* P 6 milyon

P 16 milyon para sa ***Construction of Bridges in Old Camp, Binawangan to Capalonga at Binawangan to Del Pilar*** *with a project cost of* P 20 milyon

P 16 milyon para sa ***Construction of Bridges in San Lorenzo Ruiz– Manlimonisto, Mamporog-Maisog, Langga, San Isidro*** *with a project cost of* P 20 milyon

Magugunitang noong ika-7 ng Agosto 2013, nang idaos dito sa Camarines Norte ang *Regional Peace and Order Council* ay pinagtibay ang isang resolusyon na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang magpapatupad ng mga nasabing proyekto.

Isinasagawa na ang mga proyektong nabanggit maliban na lamang sa *water supply system* na malapit na ring pasimulan. Kapag ganap nang natapos ang proyekto, saka matatanggap ng pamahalaang panlalawigan ang natitirang 20% ng pondo para sa proyekto.

Bukod sa 3 proyektong nabanggit, may

(Sundan sa pahina 6)



*On-going construction ng Binawangan Bridge sa Capalonga*